

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY MELO DEL PRADO AND JOEL ZOBEL – DZBB
May 25, 2020 (7:13 A.M. – 7:19 A.M.)

DEL PRADO: Good morning po, Secretary.

ZOBEL: Secretary, kailan ba naipaalam kay Presidente iyong problema po ng ating mga OFWs dahil dalawang linggo na po nilang nirereklamo iyong kanilang kalagayan eh? Sinasabi po kasi ng ilan na masyadong belated iyong hakbang na ito, Mr. Secretary.

SEC. ROQUE: Totoo po iyan. Nakarating naman po kay Presidente ang napakadaming reklamo ng ating mga OFWs na mahigit isang buwan nang nag-aantay ng resulta ng kanilang PCR testing bagama't importante na talagang sila ay may PCR testing.

Sinabi nga po kanina ng Presidente, mga ala una y media ng umaga, na kinakailangan isang linggo na lang ang panahon na binibigay nila sa mga awtoridad para mapauwi na itong 24,000 na OFWs natin na nasa iba't ibang hotel na ginagamit na quarantine facilities at sa mga barko na lumulutang-lutang sa Manila Bay. In-authorize po ng ating gobyerno ang paggamit ng lahat ng resources ng gobyerno para mapauwi sa mga kani-kaniyang mga probinsiya ang ating mga OFWs sa pamamagitan po ng bus, eroplano at barko.

Hindi na po niya tinatanong kung bakit naantala ang paglabas ng resulta; basta ang ibinigay lang niya, isang linggo, lahat po ng 24,000 na ating mga kababayan ay dapat makauwi na.

ZOBEL: Kapag hindi po natugunan ng isang lingo, mayroon pong masisibak dito?

SEC. ROQUE: Ang sabi po niya, mayroon pong mananagot kung hindi mapauwi ang 24,000 na ating mga kababayan na iyan dahil inaasahan nga natin na mas malaki pa o mas marami pang mga OFWs ang uuwi dahil nga dito sa COVID-19 na problema. At kung hindi natin sila mapapauwi ngayon, lalong lalaki ang problema natin kapag mas marami pang mga kababayan natin ang umuwi.

Sinabi rin ng Presidente na kinakailangan palakasin iyong PCR testing capability ng iba't ibang mga probinsiya nang sa ganoon ay doon na sila didiretso – mga OFWs – doon na sila magka-quarantine at doon na rin sila magpapa-PCR testing sa kani-kanilang mga probinsya.

ZOBEL: Ang sinasabi, Secretary, kung sinu-sino ang tinuturo eh – problema daw ng Red Cross, problema daw ng Coast Guard, problema po ng OWWA. Natukoy ba kung sino ang may problema? Kasi ang lumalabas po, iyong mga OFWs po natin ang nasisisi dahil mali daw iyong mga data na naipapasok kaya't nagkakaloko-loko daw po iyong resulta ng testing.

SEC. ROQUE: Alam ninyo sa pag-uusap namin ng Presidente, wala na siyang pakialam kung ano ang nangyari. Ang importante: Matapos ang testing, lumabas ang resulta, mapauwi sa isang linggo.

DEL PRADO: Secretary, si Melo po ito. Maganda po iyon, pauwiin na po iyong mga OFW natin. Mayroon pa pala tayong parating na 40,000, Secretary ano po?

SEC. ROQUE: Hindi lang po, mas malaki ang inaasahan nating uuwi 'no. Mukhang sa susunod na tatlong buwan ay hundreds of thousand pa ang ini-expect nating umuwi 'no. Kaya nga po ngayon pa lang ay sinasabi na ng Presidente, talagang kinakailangan addressin iyong isyu ng kakulangan ng PCR testing. At napakita naman po nitong nakalipas na linggo na sa loob lamang ng isang linggo ay nagkaroon tayo ng 10,000 capacity sa iba't ibang mga probinsya. So iyan po ang ipinag-utos din ng Presidente, palawakin pa ang PCR testing capacity ng mga probinsya para nga hindi na natetengga dito sa Metro Manila ang mga taga-probinsya, makauwi na at doon na mag-quarantine at doon na mag-PCR testing.

At siyempre po iniuulit ni Presidente na kinakailangan hindi lang PCR testing ang ginagamit, pati po ang antibody testing, iyong rapid test, dahil talaga naman pong kapag umuwi na by the hundreds of thousands ang ating mga OFWs ay talagang hindi natin muna maaaksyunan kaagad ang kanilang PCR testing. Pero kung wala namang sintomas at mayroong rapid testing, titingnan po kung ano ang pupuwedeng magawa.

Basta ang importante, unang-una, mapauwi sa isang linggo. Pangalawa, palakasin ang PCR testing ng mga probinsiya at doon na sila mag-quarantine nang hindi naiipon sa Metro Manila. Pangatlo, ipatupad pa rin iyong sinabi niya na siya na ang nag-uutos na gamitin ang anti-body testing para nga mapabilis iyong pag-uwi ng ating mga kababayan.

DEL PRADO: So iyong mga darating pa ho dito na mga libu-libo pang mga OFW, 14 days din lang po ang quarantine noon, hindi po aabutin ng isang buwan dapat iyon, Secretary?

SEC. ROQUE: Dapat hindi na po. In fact, wala na pong dapat quarantine dahil kinakailangan i-PCR testing na sila; kapag sila ay na-PCR testing, mag-home quarantine na sila kung sila ay negative. So iyan po ang sistema at iyan ang gustong maipatupad ng Presidente. Pero nga dahil dito sa mapait na karanansan natin na napakadaming mahigit isang buwan na walang pa ring resulta, sabi na po ng Presidente, enough is enough, kinakailangan ay mapauwi na sila. Wala na siyang pakialam kung ano ang naging dahilan kung bakit naantala – ilabas ang resulta, pauwiin ang mga OFWs.

ZOBEL: Okay. Isang linggo po ang ibinigay ni Presidente, mukhang isang linggo rin matatapos na po iyong ating MECQ. Ano ho bang magiging deklarasyon after the 30th of May?

SEC. ROQUE: Sa totoo lang po, hindi pa po amin napagpupulungan sa IATF iyan – ang huling pagpupulong po namin ay Biyernes. Pero kung mapapansin po ninyo ang trend, tinitingnan po

talaga iyong doubling rate ng COVID-19 at saka iyong increase in critical care capacity at saka siyempre iyong katotohanan na kinakailangan magbukas na ang ekonomiya.

So sa tingin ko naman po ay magkakaroon ng pagbago sa sistemang umiiral sa Metro Manila pero hindi ko po mapapangunahan ang IATF.

DEL PRADO: Secretary, salamat po sa panahon.

ZOBEL: Good morning, sir. Thank you ha.

SEC. ROQUE: Salamat po. Magandang umaga po.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center